

# The Baptist Tabernacle of Los Angeles

Mailing Address:  
P. O. Box 15308  
Los Angeles, CA 90015  
Phone: (213) 744-9999

E-mail: [rhymersjr@sbcglobal.net](mailto:rhymersjr@sbcglobal.net)  
[www.sermonsfortheworld.com](http://www.sermonsfortheworld.com)  
[www.baptisttabernacle.com](http://www.baptisttabernacle.com)



Jack Ngann  
Pastor

Dr. R. L. Hymers, Jr.  
Pastor Emeritus

Disyembre, 2021

Minamahal kong kaibigan:

Napakatindi ng mga pagsubok na ating pinagdurusa, at napaka lubos na mas matindin ng kabutihan ng Diyos! Sa taong ito noong Enera ang aking makadiyos na minamahal na asawang si Ileana ay naging pusitibo ang resulta ng eksamen para sa coronavirus. Akala ko na siya ay mamamatay. Ang aming simbahan ay nanalangin para sa kanya na maraming beses. At mga pastor ang ibang mga Kristiyano sa buong mundo ay nanalangin para sa kanya at nagbigay sa kanya ng mga mensahe ng kaalawanan at suporta. Isang mgangaral sa Pakistan ang tumawag sa kanya kada umaga mula sa palibot ng globo. Sumagot ang Diyos, at ang aking asawa ay gumaling ng lubusan! Pasasalamat sa lahat ng nanalangin para sa kanya.

Ang aking berso ng buhay ay laging ang Mga Taga Filipino 4:13. Ibibigay ko ito kasama ng berso bago nito. Sinasabi ng Bibliya,

“Marunong akong magpakababa, at marunong naman akong magpakasagana: sa baw't bagay at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko ang lihim maging sa kabusugan, at maging sa kagutuman, at maging sa kasaganaan at maging sa kasalatan. Lahat ng mga bagay ay aking magagawa [sa pamamagitan ni Kristona] nagpapalakas sa akin” (Mga Taga Filipino [Philippians] 4:12, 13)— KJV.

Christ strengthened me and Ileana in the time of her sickness. And Christ strengthens us as we rejoice and give thanks to God for healing her. “I can do *all* things through Christ which strengtheneth me.” Pinakalas ako at si Ileana ni Kristo sa panahon ng kanyang karamdaman. At pinalalakas tayo ni Kristo habang tayo ay gumalak at mabigay pasasalamat sa Diyos para sa pagpapagaling sa kanya. “*Lahat* ng mga bagay ay aking magagawa [sa pamamagitan ni Kristona] nagpapalakas sa akin.

Noong Marso 24 ang eskro ay sa wakas nagsara sa pagbebenta ng lumang gusali sa gitnang lungsod ng Los Angeles. Ang gusali ay ngayon inookupahan ng isang Korean na simbahan. Ang pera ay ginagamit upang ayusin ang bagong gusali sa San Gabriel. Si Jack Ngann ng magiging pastor ng bagong simbahan, “Ang Tsinong Bautistang Tabernakulo ng Mas Higit na Los Angeles” [“The Chinese Baptist Tabernacle of Greater Los Angeles”].

Noong ika-11 ng Abril nagsamasama kaming lahat sa isang marangyang Beverly Hilton Hotel upang ipagdiwang ang aking ika-80 na kaarawan, na naganap sa sumunod na araw. Maraming mga kaarawang pagpupugay ang dumating mula sa mga mangangaral at mga Kristiyano sa buong mundo. Ang aking anak na lalaking si Robert Leslie ang nagbayad para sa piging at lahat ng mga bagay na kaugnay sa kaganapan. Si Robert ay isang madunong at matagumpay na mangangalakal. Si Rev. Ruperto Medina, pastor ng Bethesda Kristiyanong Simbahan [Bethesda Christian Church] sa Dominican Republic, ay lumipad rito para sa kaganapan at ang nagsabi ng pambukas na panalangin. Nagsaya kaming lahat!

**MAARI NINYONG MABASA ANG DAAN-DAANG MGA SERMON AT ARAL  
SA APAT NA PUT ANIM MGA WIKA SA [WWW.SERMONSFORTHEWORLD.COM](http://WWW.SERMONSFORTHEWORLD.COM).**

Noong Marso 3 ang mga pangaral ay lumabas sa Odia sa aming websayt sa [www.sermonsfortheworld.com](http://www.sermonsfortheworld.com). Ang Odia ay isa sa mga wika ng India. Higit sa 30 milyong mga tao ay winiwika ito bilang kanilng unang pananalita! Hindi ako humihingi ng pera para sa mga pangaral na ito. Ang hangad ko lamang ay ang ihayag ang Ebanghelyo sa buong mundo sa maraming wika na maaring possible. Iyan ang dahilan na ang mga pangaral na manuskrito ay walang karapatang magpalathala, at ang maaring ipangaral ng mga tao ang mga ito o gamitin ang mga ito sa anumang paraan na gusto nila. Linggo-linggo, nakakakuha kami ng mga email mula sa iba't ibang lugar sa mundo na nagpapasalamat sa akin para sa paggawang madaling makuha ang mga mensaheng ito.

Noong ika-14 ng Mayo isang dakilang kaganapan ang nangyari. Ang aming lalakeng apong si Robert Leslie Hymers IV ay ipinanganak! Siya ang anak ng lalakeng kong anak na si Robert ang kanyang asawang si Jin. Mayroon din silang dalawang mga babaeng anak, si Hannah at Sarah. Ang bagong sangol ay ang aming una at nag-iisang apong lalake. Ang tawag ko sa kanya ay “Maliit na Bob.” Siya ay isang mainam na bata, at nananalangin ako na tatawagin siya ng Diyos na maging isang mangangaral!

Pinalakas ako ni Kristo sa mga mabuti at masamang mga panahon, kapag ako’y busog at kapag ako’y gutom, Kapag ako’y masagana at kapag ako’y nagdurusa ng pangangailangan. Noong Hunyo nagkaroon ako ng atake sa utak. Simula noon ako’y nagpapahinga sa bahay. Mayroon akong propesyonal na mangangalaga na tumutulong sa akin, ngunit ang aking pinaka dakilang tulong ay ang aking asawang si Ileana. Anong mang mangyari, hindi ko kailanman isusuko ang Ebanghelyo ministro. Linggo-linggo nirerekord ko ang videyo na mensahe na ipinapakita sa aming simbahan at inilalagay sa aming websayt. Sa aking buong buhay, pinalalakas ako ni Kristo!

Madalas kong sinasabi sa aming simbahan ang kwento ni Marilyn Farnik. Mahabang panahon noon siya ay isang dalagang bata sa Distrito ng Marin, hilaga ng San Francisco. Pinagkatiwalaan ni Marilyn si Hesus. Ang nanay niya ay okay lang kung si Marilyn ay nagdroga o nakipagtalik sa mga lalake – ngunit ang nanay na iyon ay walang gustong anumang bahagi kay Kristo! Pinalayas niya si Marilyn mula sa bahay. Si Marilyn ay nanatiling mapagpananampalataya sa Tagapagligtas. Kasama ang kanyang asawang si Jerry, siya na ngayon ay isang misyonaryo sa Republika ng Czech. Noong ika-26 ng Agosto binisita ako nina Jrry at Marilyn sa aking tahanan. Nagbigay sila ng isang presentasyon ng kanilang ministro na aming inirekord sa videyo at ipinakita sa simbahan. Anong pagpapala sila! Napakamamanghang makita ang biyaya ng Diyos sa pagliligtas ng mga tao at paggamit sa kanila sa Kanyang paglilingkod. Gaya ng sinabi ng Apostol Juan, “Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan” (III ni Juan 4).

Noong ika-29 ng Agosto si Jack Ngann ay iniharap sa simbahan bilang aming bagong pastor. Si Jack ay isang Tsinong ipinanganak sa Amerika. Siya ay kasal at ama ng dalawang bata. Ako ang Pastor Emeritus, sinasanay siya para sa gawain ng isang pastor, gaya ng pagsanay sa akin ng sarili kong pastor si Dr. Timothy Lin. Si kapatid na Ngann ay isang mahusay na Kristiyano at matindi ang pag-asa na min para sa kanya. Paki-usap na ipanalangin ang aming bagong simbahan at ang kanyang ministro doon.

Noong ika-22 ng Setyembre ang pagsasaayos ng bagong gusali ng simbhan sa San Gabriel ay nagsimula. Ang gusali ay magigin handa upang magamit sa maagang bahagi ng susunod na taon. Ito’y matatagpuan sa gitna ng libo-libong mga Tsino.

Noong Oktubre ang tatay ni Ileana si Rafael Cuellar ay lumipa mula sa Guatemala at nananirahan sa aming tahanan ng ilang linggo. Siya ay isang maginoo, at napaka buhay at aktibo –lalo na kung alam mo na siya ay higit na 90 taong gulang! Ipinagdiwang namin ang kanyang ika-91 na kaarawan sa simbahan sa aming tahanan noong Oktubre 29.

Noong ika-21 ng Nobyembre nagkaroon kami ng isang dakilang Thanksgiving banquet para sa buong simbahan sa aming tahanan. Iyon ay masarap! Aming pasasalamat kay Ileana, Jack Ngann, at aming diakonong si Manuel Mencia para sa pagluluto ng pagkain at paghahanda ng hapunan.

***MAARI NINYONG MABASA ANG DAAN-DAANG MGA SERMON AT ARAL  
SA APAT NA PUT ANIM MGA WIKA SA WWW.SERMONSFORTHEWORLD.COM.***

Ang taon na ito ay pambihira! Ang lahat ng luwalhati sa Diyos na sinagot ang aming mga panalangin at kay Kristo na nagligtas sa aming mga kaluluwa. Naiisip ko ang mga salita ng kinanta ni George Beverly Shea na kinanta sa 1991 na Krusada ni Billy Graham sa Glasgow, Scotland,

Salamat, o aking Ama, Sa pagbibigay sa amin ng iyong Anak  
At pag-iiwan ng iyong Espiritu Hanggang  
sa ang gawain sa lupa ay tapos na.  
("Mayroong Isang Tagapagligtas" Isinalin mula sa  
"There Is a Redeemer" ni Keith Green, 1953-1982).

Habang ating ipinagdiriwang ang pagkapanganak ng Tagapagligtas ating isigaw, "Salamat, Panginoong Diyos. At naway si Kristo ay purihin!"



Ako ay nasa gitna ng harap na hilera kasama ng aking mga apong mga babae, si Hannah sa kaliwa at si Sarah sa kanan. Sa likurang hilera, mula kaliwa hanggang kanan: Ang tatay ni Ileana si Rafael Cuellar, ang nanay ni Ileana si Linda, ang asawa ni Robert Leslie si Jin, Maliit na Bob hawak ng kanyang tatay si Robert, ang aking asawang si Ileana, ang aming anak na si Wesley, kapatid ni Ileana si Yvette Cuellar.

Sa Inyo sa Ngalan ni Hesus,

A handwritten signature in black ink, appearing to read "R. L. Hymers, Jr." The signature is written in a cursive, flowing style.

Rev. R. L. Hymers, Jr.,  
D.Min., D.Rel., Th.D., Litt.D.  
Mga Taga Filipino 4:13

***MAARI NINYONG MABASA ANG DAAN-DAANG MGA SERMON AT ARAL  
SA APAT NA PUTANIM MGA WIKA SA [WWW.SERMONSFORTHEWORLD.COM](http://WWW.SERMONSFORTHEWORLD.COM).***